



Enero 2026

# PRAYMER

## Nagsasapawang krisis, ang kawastuhan ng galit

**S**a pagtatapos ng taong 2025, wala nang duda na papalubog ang tahakin ng ekonomiya sa ilalim ni Marcos Jr. Mabilis na idinahilan ng kanyang *economic managers* ang iskandalo ng talamak na korapsyong natunghayan ng sambayanan. Oo, ang lala ng korapsyon, pero hindi nito lubusang maipaliliwanag ang kronikong kahirapan at kagutuman, kawalan ng disenteng kabuhayan at trabaho, at kakarampot na pampublikong serbisyo. Hindi nito kayang bigyan-dahilan ang usad-pagong na ekonomiya.

Hindi kinaya ni Bongbong Marcos na ibaling ang atensyon ng publiko sa kanyang pagkukunwaring anti-korapsyon sa isinawalat na iskandalo ng *flood control projects*. Lalo lang naging malinaw na ang patuloy na pagkapit ng kanyang pamamahala sa mga patakarang neoliberal ang syang nagpalala sa krisis pang-ekonomiya at sya ring nagpa-alagwa sa burukrata kapitalismo. Lalo ring naging malinaw na sistematiko ang korapsyon, at ang opisina ng pangulo ang puno't dulo nito.

114 Timog Avenue,  
Quezon City,  
1103 Philippines

Tels. +63 2 8927 7060 to 61  
Fax +63 2 8929 2496

[www.ibon.org](http://www.ibon.org)

Sa halip na mailihis ang isyu, naging lantad na ang pagpopostura ni BBM na anti-korapsyon ay may layon lang na patuloy na kontrolin ang pondo ng bayan, pigilan ang mga Duterte, at ikonsolida ang kanyang pampolitikang kapangyarihan. May tanaw itong maipanumbalik ang lehitimidad ng kanyang nanghihinang pamumuno para sa 2028 *national elections*.

Sa pagtatapos ng taon, nakaubos ng pasensya ng taumbayan na makitang wala pa ring nakukulong sa mga sangkot sa katiwalian, at sa halip ay ginagamit lang ng mga kampo ng mga Marcos at Duterte ang isyu para sa kanilang kompetisyon para sa 2028. Samantala, lumalala lang ang kabuhayan at panunupil sa mamamayan. Totoong nagalit ang bayan, pero itinuon ito sa mga mas matataas na diskurso ng demokratikong pagkilos at mga malawakang mobilisasyon — ito ang kakaharapin ng bansa sa 2026.

# 1 Ano ang sapin-saping krisis ng ekonomiya?

## ***Sumasadsad sa bagal ang atrasadong ekonomiya.***

Hindi na kayang itago ng administrasyong Marcos Jr ang tuloy-tuloy na pagbagal at karupukan ng *economic growth* simula 2017. Hindi rin naman sinubukan ng administrasyon na pigilan ang ganitong tunguhin.

Abot 5.7% ang paglago ng *gross domestic product* (GDP) mula 2004 hanggang 2016 — umabot pa nga sa 7.1% noong 2016. Pero tuloy-tuloy na itong bumaba sa 6.9% (2017), 6.3% (2018), at 6.1% (2019). Napagtakpan na lang ito ng pandemya, kung saan bumagsak ang GDP at animo’y nakabawi, pero tumuloy ang totoong pabagal na tunguhin — 5.5% (2023), 5.7% (2024), at malamang kesa hindi, 5% (2025).

Sa una hanggang ikatlong *quarter* (Q) ng 2025, nagtala ang GDP growth ng 5.4% (Q1), 5.5% (Q2), at 4.0% (Q3). Sa orihinal na target para sa buong taon na 5.5% ay kailangang magrehistro ang ekonomiya ng 7.1% paglago sa Q4. Ito ay suntok sa buwan. Kaya, binaba na lang ng economic managers sa 5.0% ang *full-year target* para 5.0% na lang ang kailangang paglago sa Q4.

Kung sisipatin ang GDP mula sa anggulo ng paggastos, ang *household final consumption expenditure* (HFCE), ang konsumo ng sambahayan, ay isa sa mga tulak ng economic growth ng Pilipinas. Noong Q3 2025, naitala lamang sa 4.1% ang paglago nito, lubhang mas mababa sa mga rekord noong mga nagdaang taon na 8.0% (2022), 5.1% (2023), at 5.2% (2024).

Samantala, kung sisipatin naman ang GDP mula sa anggulo ng dagdag na halaga, ang sektor ng serbisyo ang pinakamalaking tulak. Subalit, bumabagal ito mula sa 6.8% paglago (2023), 6.3% (2024), at 5.5% (Q3 2025).

Ang paglago ng ekonomiya ng Pilipinas ay lubos na itinutulak ng konsumo ng sambahayan (73% ito ng *demand* sa nagdaang limang taon) at ng sektor ng serbisyo (62% ito ng *output*). Limitado ang konsumo ng mga pamilya dahil mababa ang kita. Anumang paggastos nila ay mapupunta lang sa paglaki ng sektor ng serbisyo kung saan marupok ang nalilikhang trabaho at mababa

ang kita at sweldo. Walang ipon, matumal ang pamumuhunan sa lokal na produksyon, at mababang kita — paulit-ulit itong babalik sa paglimita ng konsumo, sa isang siklo ng pagiging atrasado at kawalan ng pag-unlad.

### ***Tuloy-tuloy ang pagnipis ng produksyon.***

Kung nakasandig sana ang paglaki ng kita sa pagpapaunlad ng lokal na agrikultura at produktibong industriyang Pilipino, tataas ang produktibidad ng paggawa. Tataas ang totoong halaga ng sahod, ang ipon, at lokal na pamumuhunan.

Subalit dahil sa deka-dekadang pagpapatupad ng patakarang neoliberal sa islogan ng ‘globalisasyon’, dumausdos ang bahagi ng mga sektor na ito sa ekonomiya. Ang agrikultura ay 8% na lamang ng GDP noong 2024, pinakamaliit sa kasaysayan, habang ang manupaktura ay 17.6% ng GDP, pinakamaliit sa loob ng halos walong dekada.

Pinananatili ng administrasyong Marcos Jr ang pagsalig sa neoliberal na polisiyang nakapokus sa dayuhang kalakalan at pamumuhunan, habang walang programa para sa lugmok na sektor ng agrikultura at industriya. Katulad ng panahon, pabugso-bugso lang ang paglago ng agrikultura — mula sa pagbagsak nito ng 2.7% noong Q3 2024 tungong 2.8% growth noong Q3 2025. Bumagal naman ang manupaktura — mula 2.9% noong Q3 2024 tungong 1.2% noong Q3 2025.

Naging mabigat sa lokal na agrikultura at maliliit na magsasaka ang pagtutulak ng gobyerno sa liberalisasyon ng kalakalan. Sa bigas na lamang, imbes na ibasura ng administrasyong Marcos Jr ang Rice Tariffication Law (RTL) na ipinasa ng administrasyong Duterte, lalo pa nitong pinalawig ang pagpapababa ng taripa sa bigas mula 35% tungong 15%, sa ganansya ng malalaking *traders*. Binawi na rin nito ngayong 2026 ang populistang pauso na *moratorium* sa importasyon ng bigas na ipinataw noong Setyembre 2025 nang sobrang bumabagsak ang presyo ng palay. Samantala, simula Enero 2026 din, ginawa nang pleksible ang taripa ayon sa galaw ng pandaigdigang presyo ng bigas.

Umabot sa US\$11.8 bilyon ang depisito ng Pilipinas sa kalakalan sa agrikultura noong 2022, pinakamataas mula 1995 nang pumasok ang Pilipinas sa kasunduan sa ilalim ng World Trade Organization (WTO).

Bahagya lang itong bumaba sa US\$11.7 bilyon noong 2024. Ang Pilipinas ang may pinakamalaking depisito sa kalakalan sa agrikultura sa mga bansa sa ASEAN.

Deka-dekada ang pagpapatupad ng mga neoliberal na programa at patakarang dikta ng International Monetary Fund (IMF) at World Bank, kasunduan sa ilalim ng WTO, at dose-dosenang *bilateral* na kasunduan sa pakikipagkalakalan at pamumuhunan. Iisa ang layunin ng mga ito — ang buksan ang ekonomiya ng Pilipinas sa dayuhan at pribadong kalakalan at pamumuhunan, pribatisasyon ng mga likas-yaman at pampublikong rekurso at serbisyo, at pagbawas ng regulasyon ng pamahalaan para sa sinasabing ‘malayang palengke’.

Pinatindi ng administrasyong Marcos Jr ang mga ito. Pinipilit ng gobyernong Marcos Jr, sa kabila ng kinakaharap na krisis pang-ekonomiya at pampolitika ng Pilipinas, na pabanguhin at pagandahin ang imahe ng bansa para maging kaaya-aya ito sa mga dayuhang negosyante at namumuhunan. Pinapalawig nito ang mga neoliberal na patakarang ipinatupad ng mga naunang administrasyon, mula pa sa kanyang ama.

Pinalawig ni Bongbong Marcos ang CREATE, ang batas na nagbawas pa lalo sa buwis ng mga korporasyon. Ginawa niya itong CREATE MORE at nagbigay ng mas marami pang *exemptions* sa mga buwis at iba’t ibang insentibo sa malalaking korporasyon, laluna sa mga dayuhang *investors* na magtatayo ng kanilang empresa o negosyo sa mga *ecozones*. Binuksan din ng gobyernong Marcos Jr ang 100% dayuhang pagmamay-ari sa mga proyekto para sa *renewable energy*. Binigay rin ni BBM sa mga dayuhan ang karapatang “mangupahan” ng lupa sa loob ng 99 na taon.

Samantala, wala man lang insentibo, subsidyo o suporta ang gobyerno para sa lokal na agrikultura at industriya, na siya sanang lilikha ng mga pangangailangan ng mamamayan. Tuloy lang ang pagkapit nito sa neoliberalismo.

### ***Marupok at walang katiyakan ang trabaho at kabuhayan.***

Ang pananalasa ng patakarang neoliberal ang nagpadausdos sa produktibong sektor. Ito rin ang nagpahina sa kakayahan ng ekonomiya na lumikha ng matibay, makabuluhan at disenteng trabaho.

Sa mahigit dalawang dekada, bumagal ang paglaki ng bilang ng mga *wage and salary workers*, ang sahurang kategorya ng may trabaho. Mula sa taunang average na 2.8% paglaki noong 2000-2003, 4% noong 2004-2016, at 9.9% noong 2016, ay bumagsak ito nang 0.1% noong 2017. Lumaki na lamang nang taunang average na 2.8% noong 2017-2024.

Mababa man ang pasahod, malaking bagay pa rin ang kabuuang paglaki ng bilang ng *wage and salary workers* sa paggana ng konsumo. Makikitang sabay ang pagbagal nito sa dalawang dekada sa pagtumal din ng konsumo at pagbagal ng ekonomiya. Sa pagnipis ng produksyon, naging mabuway ang empleyo at nawalan ng katiyakan ang kita. Tumaas ang bilang ng dumidiskarte na lamang para mabuhay. Lumalim ang kawalan ng pag-unlad.

Nakapagtala ng opisyal na 4.4% *unemployment rate* noong Nobyembre 2025, mas mataas kumpara sa 3.2% noong Nobyembre 2024. Tinataya ng gobyerno na 2.3 milyong Pilipino ang walang trabaho.

Ang problema sa ganito, kasama sa binibilang ng pamahalaan na *employed* ang 3.5 milyong *unpaid family workers*, at isinasama naman ang 2-3 milyong *discouraged workers* sa kategoryang “*not in the labor force*”. Ibig sabihin, napagtatakan ng mga ganitong maniobra sa estadistika ang paglala ng totoong unemployment.

Kung tutuusin, sa binabanggit na 49 milyong *employed*, hindi bababa sa 70% ay nasa impormal na mga trabaho at kabuhayan: *self-employed* o yaong mga dumidiskarte at nagsasariling “negosyo”, katulad ng mga tindera; operator ng sariling bukid o maliit na negosyo ng pamilya; *unpaid family worker*; namamasukan bilang kasambahay o katulong; at namamasukan sa mga impormal na empresa katulad ng mga talyer, karinderya, maliliit na serbisyo, at iba pa.

Lumalaki ang empleyo sa mga sektor na kilalang mababa ang pasahod at walang katiyakan, katulad ng agrikultura, konstruksyon, kalakalan, transportasyon, at iba pang maliliit na serbisyo. May 70% ng empleyo ang nasa mga sektor na ito.

Lubhang pabago-bago at walang katiyakan ang kalagayan ng empleyo sa Pilipinas — milyon-milyon ang malilikhang trabaho at sa di-kalaunan ay milyon-milyon din ang mawawala. Pinakabulnerable ang mga *self-employed*

sa ganitong sistema. Pinakamalala ang agrikultura sa nagdaang panahon, kung saan mawawalan ng 2 milyong trabaho o makakabawi ng 1.7 milyon. Hindi na ito simpleng maipapaliwanag ng pagiging *seasonal* ng trabaho o dahil sa *lockdown* noong pandemya. Sadyang nasa krisis na ang paggawa.

Higit na natatanaw ang krisis sa nakababahalang pagbaba ng empleyo sa hanay ng kabataan, o populasyong edad 18-24 taon, mula 90.6% noong 2024 tungong 88.3% noong 2025. Umabot sa 11.7% ang unemployment rate sa kanilang hanay, mas mataas sa pangkalahatan at mas mataas sa naitalang 9.4% noong nakaraang taon. Sadyang walang trabaho para sa mga kabataan na nasa rurok pa ng pisikal at mental na kalakasan.

### ***Ipinagsasawalang-bahala ang lumalalang kahirapan at gutom.***

Walang patid ang hirap na pinapasan ng ordinaryong mamamayan sa araw-araw. Mas lalong hindi abot-kaya ang presyo ng pagkain, kuryente, tubig, at iba pang batayang bilihin dahil sa mababang pasahod, di-tiyak na kita at limitadong oportunidad sa trabaho. Sa kabila nito, ipinagsasawalang-bahala ng gobyerno ang hirap na danas ng sambayanan sa kawalan ng matinong serbisyong panlipunan. Nananatili at pinagtitiyap pa ang mga polisiya at sistema na nagtutulak sa milyon-milyong Pilipino pailalim sa sapin-saping krisis.

Buong pagmamalaking sinasabi ng economic managers na tagumpay ang naitalang pinakamababang 1.7% implasyon noong 2025 simula nang maupo si Bongbong Marcos, kumpara sa 3.2% noong 2024. Bumagal ang implasyon, pero hindi ito nangangahulugan ng pagbaba ng presyo. Sa katunayan, hindi ito ramdam ng mahirap dahil tuloy-tuloy lang naman ang pagtaas ng presyo ng bilihin at singilin sa pampublikong serbisyo.

Malayo ito sa sikmura ng mahirap. Ayon sa pinakahuling *survey* ng Social Weather Stations (SWS), nasa 51% ang *self-rated poor*, o yaong pamilyang Pilipino na nagsasabing sila ay mahirap. Mas mataas ito kumpara sa rekord noong 2022 at 2023 noong bagong halal si Marcos Jr. Tinataya ng *survey* na mayroong 14.3 milyong pamilya ang mahirap.

Ayon din sa SWS *survey*, may 40% naman ng pamilya, o 11.1 milyon, ang nagsabing sila ay *food poor*, ibig sabihin, ang kanilang kasalukuyang kita ay hindi

sapat para ipambili ng batayang pangangailangan sa pagkain. Hindi nalalayo rito ang naitalang 32.9% na *food insecure*, isa sa pinakamataas sa rehiyon, ayon sa pinakahuling ulat ng United Nations Food and Agriculture Organization (UNFAO). Sinabi rin ng UNFAO na nasa 44% ng pamilyang Pilipino ang walang sapat na kakayahan para makabili ng masustansyang pagkain.

Malayo ang mga datos na ito sa opisyal na pagtanta ng pamahalaan sa gutom at kahirapan, dahil napakababa ang pamantayang ginagamit nito. Sa opisyal na estadistika ng kahirapan, ginagamit na panukat ang Php13,873 bilang *poverty threshold* para sa isang pamilyang may limang miyembro. Ibig sabihin, kung meron ang isang Pilipino ng Php91 kada araw para sa pagkain at iba pang gastusin (o Php63 kada araw sa pagkain) ay hindi na siya kinokonsiderang mahirap ng pamahalaan.

Puros pagtangi at gimik lang sa totoong kalagayan ng kahirapan ang inaatupag ng pamahalaang Marcos Jr, na lalo lang gumagalit sa mamamayan. Isang halimbawa ang pasikat ng presidente na Benteng Bigas Meron Na na walang pinatunguhan. Limitado ang naaabot nito sa kabila ng bilyong badyet na inilaan ng gobyerno para rito. Sa pinakahuling datos, nasa Php40 kada kilo ang average na presyo ng bigas sa National Capital Region (NCR), mas mataas pa rin kumpara sa presyo noong bago maupo sa pwesto si BBM.

Bukod sa bigas, malaki rin ang itinaas ng presyo ng iba pang pagkain kumpara sa bago siya maging pangulo — ang baboy ay umabot na ng Php398 kada kilo kumpara sa Php360 noong 2022; ang galunggong ay nasa Php332 kada kilo kumpara sa Php249; at ang kamote na binibidang alternatibo sa bigas ay nasa Php93 na kada kilo kumpara sa dating Php68.

Isa pang halimbawa ng kabalintunaan ang komento ng kalihim ng Department of Trade and Industry (DTI) sa pagpipilit na kasya naman daw ang Php500 para sa *noche buena*. Isang komentong *out of touch* sa realidad na kaunti na lamang ang nabibili ng halagang iyan kahit pa sa mga batayang pangangailangan.

Ang mababang pamantayan ng kahirapan ang siyang ginagamit na pamantayan ng pasahod. Pero ang antas ng sahod sa Pilipinas ay hindi

nakasasapat sa tinataya ng IBON na nakabubuhay na sahod o *family living wage* (FLW) para sa pamilyang may limang miyembro. Sa NCR, nasa Php695 ang arawang minimum na sahod, habang ang FLW ay aabot sa Php1,251 kada araw, halos doble ng minimum na sahod sa rehiyon.

Kung susumahin naman ang datos para sa buong bansa, nasa Php498 lamang ang average na minimum na sahod, habang nasa Php1,240 na ang FLW. Ibig sabihin, 1/3 o sangkatlo lamang ng nakabubuhay na sahod ang *average minimum wage* sa Pilipinas. Malayo rin ang agwat ng FLW sa *average daily basic pay* (ADBP) na natatanggap ng mga manggagawa na umaabot lamang sa Php658. Mas mababa ang ADBP ng mga manggagawa sa agrikultura na nasa Php367, sa manupaktura na nasa Php602, at ng mga *construction workers* na nasa Php581.

Pero sa kabila nito, nananatiling bulag at bingi ang estado sa malawakang panawagan ng mga manggagawa para sa umento sa sahod. Hugas-kamay palagi ang pangulo sa karaingang ito at ipinapasa na lamang sa *regional wage boards* ang pagdedesisyon. Laging maraming dahilan, pero kung gugustuhin ay magagawan naman sana ng paraan. Hanggang sa ngayon, nakabinbin pa rin sa Kongreso at Senado ang mga panukala sa umento sa sahod.

## **2 Paano pinapalala ng pamamalakad ni Marcos Jr ang krisis pang-ekonomiya?**

Isa sa mga mekanismo na nasa kontrol ng pamahalaan, na may agaran at direktang epekto sa paglago ng ekonomiya, ang patarakan sa pagbubuwis at paggastos. Subalit ginawa ng pamahalaang Marcos Jr na pabor ang patakarang ito sa tubo ng mga malalaking lokal at dayuhang traders, investors, negosyante, bilyonaryo, panginoong maylupa, at burukrata kapitalista.

### ***Regresibo ang pagbubuwis.***

Sa pagbubuwis, isa sa mga pinakatampok na neoliberal na polisiyang patuloy na ipinapatupad ni Marcos Jr ang pagbubuwis sa konsumo ng mahihirap at *middle class*, at pagbawas sa buwis ng kita ng mayayaman at mga korporasyon katulad ng nabanggit na CREATE MORE.

Isang halimbawa ng buwis sa konsumo ang *digital services tax* na dumagdag pa sa pasanin ng ordinaryong mamamayan. Pinakamataas sa buong Southeast Asia ang 12% *value-added tax* o VAT sa bansa. Samantala, walang pagbubuwis ang gobyerno sa yaman ng mga bilyonaryo — hindi binibigyang pansin ng gobyernong Marcos Jr ang mga panukala para rito, samantalang may pag-usad na ang usaping ito sa ilang bansa sa rehiyon.

Sa pinakahuling datos, Php4.15 trilyon ang kabuuang kita ng pamahalaan, bahagya lamang lumaki nang 1.1% kaysa noong 2024. Halos hindi lumaki ang *tax effort* (porsyento ng buwis sa GDP) ng bansa, maski pa sa mga panahong may mataas itong economic growth — 12.4% (2004-2016), 14% (2016-2021), at 14.6% (2022-2025).

Kumikipot ang espasyo ng pamahalaan sa pananalapi dahil sa pagtuon sa regresibong pagbubuwis (pagbubuwis sa konsumo) sa halip na progresibong pagbubuwis (pagbubuwis sa kita at yaman). Kung bubuwisan lang ang mga bilyonaryo, tataasan ang buwis sa mayayaman at korporasyon, at bubuwisan ang tubo sa mga proyektong imprastruktura, makakalikom ang pamahalaan ng Php750 bilyon taon-taon. Ang realidad, kumikipot ang espasyo ng pamahalaan sa pananalapi dahil na rin sa pagpapatupad nito ng liberalisasyon ng ekonomiya.

### ***Austerity ang patakaran.***

Pagdating naman sa paggastos, inilalaan ang kita ng pamahalaan sa mga proyekto at programang mapapakinabangan ng mga malalaking negosyo at dayuhang kapital, habang kakarampot para sa paglago ng ekonomiya at kagalingan ng mamamayan.

Maliit na bahagi lamang ng taunang badyet ang napupunta para mapaunlad at mapalawak ang naaabot ng serbisyong panlipunan. Nitong 2026, nakatanggap ang sektor ng kalusugan ng halos 4.9% lang ng buong badyet, ang pabahay ng 0.1%, at ang *social welfare* ng 4.4% lamang. Ang edukasyon diumano ang nakakuha ng pinakamalaking bahagi sa badyet ngayong 2026, pero hindi pa rin ito sumasapat para sagutin ang kakulangan sa mga materyales sa pag-aaral at ang krisis sa pagkatuto. Batbat din ang badyet ng edukasyon ng pondong pang-imprastruktura.

Sunod sa kumpas ng neoliberalismo, ipinapatupad ng gobyernong Marcos Jr ang *austerity*, o pagtitipid sa paggastos sa panlipunang serbisyo para makabayad sa utang sa isang banda at paganahin ang pribadong negosyo sa kabilang banda. Hindi nilalaanan ng estado ang panlipunang serbisyo dahil mas kapakipakinabang sa pribadong sektor ang pagsasapribatista sa mga ito.

Sa pabahay, imbes na maglaan ang gobyerno ng sapat na pondo para maipatayo ang target nito na 6 milyong *housing units* bago matapos ang termino ni Marcos Jr, binukas na lamang nila ito sa malalaking *real estate developer*. Tinaasan pa ng gobyerno ang presyo ng *socialized housing* para maengganyo ang pribadong sektor. Dati ay nasa Php850,000 ang isang unit sa *subdivision* pero itinaas na ito sa Php950,000. Itinaas naman sa Php1.62 milyon ang kada unit sa *condominium projects* mula sa Php1.28 milyon. Hindi kaya ng maralita ang ganitong *amortization* sa pabahay.

Pagpapabaya ring maituturing ang pagpinansya na lamang sa *voucher system* para sa mga mag-aaral ng *senior high* at *social health insurance* para sa kalusugan, na parehong batbat ng korapsyon. Malalaking negosyo ang gumaganansya sa pribatisasyon at komersyalisasyon ng mga panlipunang serbisyo, habang pinapasan ng mga ordinaryong Pilipino ang lumalaking bayad para lamang maakses ang mga ito.

### ***Ginagastusan ang negosyo sa pampublikong serbisyo.***

Ang pinakamalaking bahagi ng taunang badyet ay napupunta sa imprastruktura. Noong 2025, 17% o halos Php1.1 trilyon ng buong badyet ang napunta sa Department of Public Works and Highways (DPWH).

Samantala, ipinagmamalaki ng administrasyong Marcos Jr ang *Build Better More* na mayroong 209 *big-ticket infrastructure flagship projects* na nagkakahalaga ng Php10.6 trilyon. Mahigit kalahati dito (140 proyekto) ang para sa *physical connectivity* o mga proyektong magtatayo ng mga kalsada, tulay, daungan, *railways*, *airports*, at iba pang *road networks*.

Nilalako rin ng pamahalaan ang mga proyekto sa pampublikong yutilidad, katulad ng transportasyon, tubig, patubig, enerhiya, at kuryente sa

pamamagitan ng *public-private partnerships* (PPP), *joint venture agreements* (JVAs), at iba pang porma ng pribatisasyon.

Sa unang banda, nagbibigay pakinabang ang mga proyektong ito mismo sa mga dayuhang korporasyon at lokal na oligarko na nagnenegosyo sa imprastruktura. Sa pangalawang banda, kapakipakinabang din ang mga ito sa mga dayuhang negosyante sa ecozones at kalakalan, real estate developer, *shopping malls*, at proyektong nagpapaganda ng mga syudad. Nakakagana ang ganito sa kanilang pagnenegosyo. Sa pangatlong banda, kapakinabangan din ito ng mga opisyal ng gobyerno — ehekutibo, mambabatas, inhinyero, at iba pang nangongomiyon sa pagpapaubaya ng pamahalaan sa pribadong sektor na patakbuhan ang mga pampublikong serbisyo.

Isa sa mga nakinabang sa pagbibigay prayoridad ng gobyerno sa imprastruktura ang mga pinakamayamang negosyante sa Pilipinas. Isa na rito si Enrique Razon Jr na mayroong US\$14.1 bilyon *net worth*, siya na ang pinakamayamang Pilipino. Si Razon ang may-ari ng Prime Infrastructure Capital Inc (Prime Infra), Manila Water, at First Gen Corporation, na pawang isa sa mga may hawak ng malalaking kontrata sa imprastruktura at distribusyon ng tubig at kuryente sa bansa.

Isa rin sa may malaking ganansya si Ramon Ang na may US\$3.7 bilyon net worth at pangatlo sa pinakamayamang Pilipino. Kilala si Ramon Ang na may-ari ng San Miguel Corporation (SMC) na nakakuha sa malalaking *concession agreements* para sa malalaking proyekto ng gobyerno tulad ng MRT-7, New Manila International Airport (NMIA) sa Bulacan, Skyway, at STAR Tollways. SMC rin ang kontrobersyal na Public-Private Partner sa operasyon at rehabilitasyon ng Ninoy Aquino International Airport (NAIA).

Isa pa rin ang pamilyang Villar sa pinakamayamanan sa bansa. Naging malapit na kaalyado sila ng mga Duterte, na siyang nagtalaga kay Mark Villar para maging kalihim ng DPWH. Sa ilalim ng termino niya, nakuha ng kanilang negosyo na PrimeWater ang napakaraming *joint venture agreements* (JVAs) sa mga *local water districts* sa bansa. Kasabay nito, ginamit din nila ang kanilang kapangyarihang pampolitika sa pagkamkam ng lupain at pagpapalawig ng iba pa nilang negosyo lalo na ang real estate. Pagkatapos

ni Manny Villar, sumunod sa Senado ang kanyang asawa, si Cynthia Villar, at ang mga anak na sina Mark at Camille na parehong Senador sa kasalukuyan.

Ang tatlong bilyonaryong ito ang nasa likod ng tatlo sa pinakamalalaking partido politikal sa bansa. Si Ramon Ang ang tagapondo ng Nationalist People's Coalition (NPC), si Enrique Razon sa National Unity Party (NUP), at si Manny Villar sa Nacionalista Party (NP). Hindi na nakapagtataka kung bakit ang patakarang pananalapi ay pabor sa kanila.

Ang pinagsama-samang net worth nila Razon, Villar at Ang ay katumbas ng 5.6% ng GDP ng Pilipinas. Samantala, lumalala ang pagitan ng mayaman at mahirap. Sa pinakahuling datos, nasa 66% ng pamilyang Pilipino ang sumasahod lamang ng Php26,000 pababa sa isang buwan, habang ang 2% na pamilya ay kumikita ng Php500,000 hanggang Php10 milyon kada buwan. Ang mga polisiyang pinapairal ng gobyerno ay palaging pabor sa mga pinakamayayaman, samantalang ang masang anakpawis ay nagtitiis sa hirap at gutom.

### ***Bigo ang paggastos ng pamahalaan para paganahin ang demand.***

Madalas na idinidiin ng gobyerno na gumagastos ito para paganahin ang demand, nang sa gayon ay maitulak ang economic growth. Pero hindi ito nagtagumpay kung gagamitin lang ang pagbagal ng ekonomiya mula 2017 bilang pruwera. Nagmistulang pansalba lang at pambuhay muli ang imprastruktura ng naghihingalong ekonomiya.

Tumaas ang paggastos sa imprastruktura mula Php650 bilyon noong 2016 sa historikong Php1.79 trilyon noong 2024, na bahagyang bumaba sa Php1.64 trilyon noong 2025. Pero walang epekto ito sa economic growth, dahil panandalian lang ang paglaki ng empleyo at hindi ito nakalikha ng mas matibay-tibay na pundasyon ng ekonomiya. Hindi rin itinutok ang imprastruktura sa pagpapaunlad ng agrikultura at manupaktura.

Kung tutuusin, may pagka-*counterproductive* ang pagpokus sa imprastruktura ng gobyernong Marcos Jr. Imported ang mga materyales sa konstruksyon at inutang lang din ang kapital, habang maliit lang ang *counterpart* ng

pamahalaan; palibhasa pati operasyon at *maintenance* ay pinaubaya sa pribadong sektor. Sa kalaunan, hindi lang ito mamahalin kundi naging maanomalya pa.

Tinaasan din ng pamahalaan ang pagbibigay ng ayuda sa mahihirap para tumaas ang demand, mula Php171.9 bilyon noong 2019 tungong Php404.2 bilyon ngayong 2026. Subalit hindi ito nakasapat at panandalian lang ang epekto sa konsumo. Bukod sa kulang ito kung ihahambing sa nakabubuhay na sahod, hindi rin nito sinasagot ang mga pundamental na problema sa produksyon, produktibidad, at trabaho. Nagamit lang din ang ayuda ng mga politiko para siguraduhin ang pabor ng kanilang mga botante. Sa kalaunan, nakatakas lang ang pamahalaan sa pagharap sa tunay na ugat at solusyon ng kahirapan.

### ***Hindi napigil ng gobyernong Marcos Jr ang pagtaas ng utang.***

Sa pinakahuling datos noong Nobyembre 2025, umabot na sa Php17.65 trilyon ang pambansang utang. Lagpas na ito ng Php288.3 bilyon sa target para sa buong taon ng 2025. Umabot ang utang sa nakababahalang 63.1% ng GDP noong Setyembre 2025, mula sa 60.9% noong 2022 matapos ang mahabang panahon ng lockdown.

*Record breaking* ang pangungutang ni Bongbong Marcos. Nalagpasan niya ang record ng administrasyong Duterte sa buwanang pagtaas ng pangungutang na nasa Php95.1 bilyon. Umabot ang administrasyong Marcos Jr sa Php118.4 bilyon kada buwan.

Walang masama sa pangungutang kung ilalaan naman ito sa pag-unlad at mga programang mapapakinabangan ng mamamayan. Pero ang problema, sa Php8.4 trilyon na dagdag-utang ng administrasyon, Php6.36 trilyon ay ginamit para sa *debt servicing*. Samakatuwid, 75 sentimos sa kada pisong dagdag-utang ng gobyerno ay pinapambayad lang din ng utang. Para sa 2026, planong mangutang ng gobyernong Marcos Jr ng Php2.68 trilyon, habang Php2 trilyon naman ang planong debt servicing.

Hindi na nakapagtataka, kung ganon, kung bakit sukduhan ang galit ng taumbayan nang tumambad ang iskandalo ng korapsyon.

### 3 Ano ang nailantad ng anomalya ng flood control projects sa ilalim ni Marcos Jr?

#### ***Sistematiko ang korapsyon at dumudulo ito kay Marcos Jr.***

Dramatiko ang pinagdaanan ng taumbayan sa huling bahagi ng 2025. Sa State of the Nation Address (SONA) ng presidente, inihayag niya ang malawakang anomalya sa flood control projects ng gobyerno. Ibinunton niya ang sisi at pananagutan sa mga pribadong kontraktor, ilang mambabatas, at ilang mga opisyaes ng DPWH. Nakakagalit sa taumbayan na makita ang malalang pagbaha sa kani-kanilang mga lugar, habang nabubuhay sa luho ang mga kontraktor at ilang opisyaes na kumita sa *overpriced, substandard, at ghost projects*.

Umasta ang pangulo na *champion* laban sa ibinunyag na katiwalian, mula sa kanyang SONA (“*Mahiya naman kayo!*”), hanggang sa pagbubuo niya ng website (“*Sumbong mo sa Pangulo*”) na magtatala diumano ng mga maanomalyang proyektong, hanggang sa pagbubuo niya ng Independent Commission on Infrastructure (ICI) para imbestigahan ang anomalya.

Sa binuong website ng pangulo, nasa Php540.4 bilyon ang kabuuang halaga ng mga flood control projects noong 2018-2025. Pero sa taya ng IBON, aabot ng Php1.7 trilyon ang inilaang pondo para sa flood control projects sa panahong binanggit, o Php1.2 trilyon noong 2022-2025. Noong 2025 na nga lang, nasa Php350 bilyon, o 21.3% ng kabuuang *infrastructure budget* ang alokasyon para sa flood control projects, pangalawa sa pinakamalalaking programa ng DPWH.

Tinatayang 25-35% ang *kickbacks* mula sa mga proyektong ito. Sa paunang taya ng IBON, aabot sa halos Php197 bilyon ang napunta sa korapsyon mula 2023 hanggang 2025. Malaking halaga na maaari sanang inilaan sa mga programang higit na makatutulong sa mamamayan tulad ng pabahay, pangkalusugan, at suporta sa agrikultura at magsasaka.

Nagsagawa ng *hearings* ang House of Representatives (HOR) at Senado. Nagsagawa rin ng imbestigasyon ang ICI, na sa kalaunan ay nagsipag-resign ang mga miyembro. Dumulo ang akusasyon mismo sa pangulo at sa kanyang pinsan, si House Speaker Martin Romualdez, nang lumitaw

ang nagtatagong Zaldy Co, ang dating Appropriations Committee Chair na halos kanang-kamay ni Romualdez. Itinuro ni Zaldy Co na si BBM at Martin Romualdez ang kumubra ng pinakamalalaking kickbacks mula sa mga proyekto at sila rin ang nag-dirihe sa sistematikong pangungulimbat.

Grabe ang pinsala nito sa gobyerno. Nagbitiw si House Speaker Martin Romualdez. Nagbitiw din si Senate President Chiz Escudero. Maraming opisyal ang nadawit at nagsipag-resign din sa katungkulan: DPWH Secretary Manny Bonoan, Department of Budget and Management (DBM) Secretary Amenah Pangandaman, maging ang Executive Secretary na si Lucas Bersamin, at iba pang mga *operators* at taga-*deliver* ng kickbacks na mga inhinyero at *undersecretaries*.

Nariyan din ang misteryosong pagkamatay ni DPWH Undersecretary Cathy Cabral na diumano’y nakakaalam ng *parametric formula* sa pag-kompyut kung magkano ang ilalaan at ipapamahagi mula sa DPWH sa mga *congressional districts*—tinawag na “*allocables*”—para sa kanilang mga proyektong pang-imprastruktura, kasama na ang flood control projects. Gumamit ng prinsipyong “balanced-baselined-managed” o BBM para sa parametric formula. Tinawag na makabagong *pork barrel* ang *allocables*—nahigitan pa nito ang halaga ng pork barrel na nakurakot sa ilalim ng Priority Development Assistance Fund noong panahon ni Noynoy Aquino. (Ang pork barrel ay pera ng gobyerno na kontrolado ng mga politiko para sa mga proyekto sa kanilang mga distrito, para palakasin ang kanilang mga pangalan at impluwensya, o kaya naman ay para mapagkunan ng kickback.)

Naibunyag din ang sobrang paglaki ng *unprogrammed appropriations* (UA) sa badyet sa ilalim ni Marcos Jr, mula sa Php251.6 bilyon noong 2022 tungong Php807.2 bilyon noong 2023. Nakita rin na may paglaki ang UA mula sa National Expenditure Program (NEP), ang panukalang badyet ng pangulo na isinusumite sa Kongreso, hanggang sa General Appropriations Act (GAA) matapos magkasundo ang dalawang kapulungan ng Kongreso at tuluyang lagdaan ng Pangulo. Ibig sabihin, dito nagaganap ang mga *insertions* o pagpatong sa badyet para sa mga paboritong proyekto ng mga kongresista, na may pabuya syempre sa pumirma. Halimbawa, noong 2024 mababa sa Php300 bilyon ang panukalang badyet para sa UA, pero lumobo ito lagpas Php700 bilyon sa aprubadong GAA.

Sinasabi ng administrasyon na hindi naman aprubadong badyet ang UA at maipatutupad lamang ang mga ito kung mayroong sobrang koleksyon ang gobyerno. Pero ang totoo, ang presidente ang may kakayahang magdesisyon kung alin sa mga UA ang bibigyan ng badyet at ipapatupad. Siya rin ang may kakayahang magdesisyon kung alin ang maaaring ipangutang ng gobyerno. Samakatuwid, ay UA ay pork barrel ng presidente.

Nabulgar din ang paggamit ng mga politiko ng ‘soft’ pork barrel o yaong mga ayuda o *financial assistance* na nagagamit nila para magpabango sa kanilang mga nasasakupan. Tampok dito ang pagkakaroon ng *guarantee letter* mula sa mga politiko para makakuha ng tulong mula sa Medical Assistance to Indigents and Financially Incapacitated Patients (MAIFIP), na Department of Health (DOH) naman sana ang nangangasiwa pero nagagamit ng mga politiko para sa *patronage politics*.

Nailantad sa publiko ng anomalya sa flood control projects na sistematiko ang korapsyon. Nailantad na ang pandarambong ay nagsisimula sa NEP at nagtatapos sa GAA—parehong dumaan sa pag-aaral at pirma ng pangulo. Ang mga badyet na nilagdaan ni Marcos Jr noong 2023-2025 ay naglaman ng pinakamalalaking UA (Php2.1 trilyon), gastusin sa imprastruktura (Php4.9 trilyon), at flood control projects (Php986.5 bilyon).

Kasama sa mga halagang ito ang naglalakihang pork barrel, na hindi maaaring palihim na ipinalabas kundi bahagi ng opisyal na patakaran ng pamahalaan at ginamit sa pamamagitan ng pormal na mga mekanismo sa badyet, tulad ng BBM parametric formula. Sa madaling sabi, ang korapsyong ito ay hindi aksidente o nasa mababang antas lamang—sistematikong isinusuksok mismo sa proseso ng pagbabadyet at kinakailangan ng pag-apruba at makinarya mula sa pinakamataas na opisina.

### ***Isang anyo lang ang korapsyon ng nanunuot na problema ng burukrata kapitalismo.***

Tumutok ang lumalakas na malawakang mga kilos-protesta, lalo na ng kabataan, sa paglalantad na ang korapsyon ay isa lamang sa mga anyo ng burukrata kapitalismo. Ang burukrata kapitalismo ay isang sistema kung saan ginagamit ng mga politiko at opisyal ng pamahalaan ang kanilang

mga posisyon upang magkamal ng yaman at kapangyarihan. Sa pananalita ng mga organisasyong kabataan, ito ay isang sistema kung saan “ang pamahalaan ay hindi isang nyutral na institusyon kundi isang makinang kumikilos na tila malaking negosyong pinatatakbo para sa naghaharing uri.”

Ang burukrata kapitalismo ay binubunga ng atrasadong ekonomiya na lalong pinahihirap ng neoliberalismo, at sa ganoong kaayusan mismo makikita ang iba’t ibang anyo nito: ang paglipat ng mga pampublikong utilidad, ari-arian, rekurso at likas na yaman sa mga dayuhang korporasyon at lokal na oligarko; ang pangangamkam at pag-agaw ng lupa sa tabing ng “kaunlaran”; ang pagkontrol sa pondo ng mga korporasyon, bangko, institusyong pinansyal, at mga pondong panseguridad panlipunan, na nasa pangangasiwa ng pamahalaan; ang pakikipagsabwatan ng pamahalaan sa mga sindikatong kriminal katulad ng mga *smugglers*, *gamblers*, o *drug lords*; at maging ang programang *counterinsurgency* at mga kontrata at pondo ng militar.

Ang mga *political dynasties*, mga bilyonaryo, mga bilyonaryong nasa kapangyarihang politikal, at ang mga korte na pumapanig sa kanila at nagpapawalang-sala sa kanilang pagkamkam ng pribadong pakinabang mula sa yaman ng estado ang mga ahente ng burukratang kapitalismo.

### ***Ginamit lang ni Marcos Jr ang isyu para sa pampolitikang konsolidasyon.***

Nailantad na ang imbestigasyong sinimulan ni BBM ay may layon lamang na pagtakpan ang katotohanan na ang korapsyon ay nagmumula at sa dulo’y bumabalik mismo sa pangulo. Nailantad din na pagtatakpan ng nakaupo sa poder ang lawak ng korapsyong ito. Marami na ang ipinatawag, marami nang naratibo ang inilabas. Pero hanggang ngayon, wala pa ring nakukulong, at lubusang ikinagagalit ito ng mamamayan. Wala pang naisasampung kaso sa malalaking sangkot, o *big fish*. Ni walang galaw ang Kongreso at Senado para imbestigahan si Romualdez at BBM kahit pa seryoso ang mga alegasyon. Hindi rin gumagalaw ang Office of the Ombudsman, Commission on Audit (COA), Department of Justice (DOJ), at maski ang Anti-Money Laundering Council (AMLC), na may mga mandato mula sa Konstitusyon na mag-imbestiga ng korapsyon.

Muli, umasta ang administration na “*most transparent budget process*” ang paglalabas ng 2026 budget. Pero sa mas malapitang pag-aaral, lumalabas na nanatili ang allocables mula sa DPWH; UA na bagama’t Php157 bilyon na lang ay di-hamak pa ring mas mataas kesa unang taon ni Duterte; Php500 milyong pork barrel; Php200 milyong soft pork barrel; at Php4.5 bilyong *confidential and intelligence funds* ng pangulo.

Sa suma, lalo lang nailalantad na instrumento pa rin ang pambansang badyet para sa pampolitikang kontrol, political patronage, korapsyon, pambayad-utang, at panunupil. Nailalantad din na nasa austeriyang pa rin ang mamamayan, prayoridad pa rin ang pagpopondo sa mga negosyo ng dayuhang namumuhunan at lokal na oligarko, at kakarampot ang pagbabadyet sa mga sektor para sa pag-unlad. Ipinapakita lang ni Bongbong Marcos na wala tayong maaasahang makabuluhang reporma sa ekonomiya mula sa kanyang pamumuno.

Ang totoo, ginamit lang ni Marcos Jr ang isyu ng flood control projects para malampasan ang mahina nitong pamumuno, higitan ang kontrol sa pondo at rekurso ng bayan, at siguraduhin ang poder sa 2028.

## **4** Ano ang kawastuhan ng impeachment kay Sara at Marcos Jr?

Nasampahan na ng mga kasong *impeachment* ang presidente at bise-presidente. Hindi pa ito nangyari sa buong kasaysayan, kung saan ang dalawang pinakamatataas na opisyal ng bansa ay inireklamong tanggalin sa katungkulan sa pamamagitan ng proseso ng impeachment.

Sa simula ng 2026, dalawang impeachment *complaint* laban kay Bongbong Marcos ang inendorso sa HOR, habang ibinasura naman ng Korte Suprema ang complaint laban kay Sara Duterte noong nakaraang taon, na malamang ay *i-refile* ng mga nagsampa ng reklamo.

Agad naman nagsabi ang Malacañang na pag-aaksaya lamang ito ng oras. Mapanghati raw ito, na para bang hindi pa bitak-bitak ang politika sa bansa. Makasisira raw ito sa ekonomiya, na para bang ang ganda-ganda ng takbo ng kabuhayan ng mamamayan. Ganundin ang sentimiyento ng

mga kampong alyado sa mga inirereklamo—aksaya ng oras at hindi ito ang kasagutan sa korapsyon sa gobyerno.

Ang ibang repormista naman na anti-Duterte ay hindi kumportable na ireklamo si BBM, dahil papakinabangan lang daw ito ni Sara Duterte. Ang mga pagdadahilang ito ay katamaran na makawala sa nakasanayang proseso, na sa kalaunan ay pabor lang sa parehong kampo ni Marcos at Duterte. Pero wasto ang impeachment ng dalawa. Wasto ang pagpapanagot sa lahat ng sangkot.

### ***May pananagutan si Bongbong Marcos sa malawakang korapsyon.***

Kitang-kita na dumulo ang sistematikong korapsyon kay Presidente Marcos Jr, mula sa pagpasa ng badyet, sa paglalagay ng insertions, sa pagpirma bilang badyet ng korapsyon, hanggang sa pagkubra ng kickbacks. Mayroon siyang pananagutan sa mga nabunyag na paglobo ng unprogrammed appropriations, sa BBM parametric formula ng mga allocables, at sa pagnuot ng pork barrel sa lahat ng aspekto ng paggastos. Pinanatili niya sa 2026 budget ang ganitong disenyo, matapos siyang magkunwari na may kampanyang anti-korapsyon at matapos ang walang pinatunguhang imbestigasyon na kaniyang sinimulan. Isa itong pagtataksil sa tiwala ng bayan.

Kung totoong anti-korapsyon siya, hindi rin naman napanagot ng kanyang administrasyon ang paglulustay naman ni Bise-presidente Sara Duterte ng milyon-milyong confidential at intelligence funds at iba pang pondo ng kanyang opisina at ang pondo ng Department of Education (DepEd) noong siya pa ang secretary. Parehong nag-abuso ng posisyon ng kapangyarihan at pondo ng bayan, parehong lamyang sa pagpuna sa isa't isa maski biyak na ang kanilang pili na pagkakaisa, at parehong ginagamit lang ang isyu para sa kanilang karera pa-2028.

Sa nabunyag ng mga imbestigasyon, na hindi na nakontrol ni Bongbong Marcos, hindi na pinaniwalaan ng taumbayan na wala siyang kinalaman sa sistema ng korapsyon ng bilyon-bilyong pondo ng bayan. Dawit ang mga Kongresista, Senador, ang mismong Appropriations Committee Chair na si Zaldy Co, mga secretaries, undersecretaries, engineers, at iba pa.

Imposibleng walang muwang ang presidente sa kalakaran ng bilyon-bilyong kickbacks at pork barrel. Magkaganunman, lalong dapat siyang tanggalin sa pwesto sa kawalan ng muwang at kawalan ng aksyon sa problema. Pero hindi nga ganito ang kaso—may pananagutan siya sa lahat ng pang-aabuso—seryoso ang mga ebidensyang nagtuturo sa kanya.

### ***Makapangyarihang mekanismo ang impeachment sa pagpapanagot sa mga sangkot na opisyal.***

Binigo ang mamamayan ng mga institusyon – ang Kongreso, ang Ombudsman, ang ilang korte, mga ahensyang nariyan para labanan ang katiwalian, maski ang ICI. Ang iniwan na lamang nilang pamamaraan sa mamamayan upang panagutin ang mga korap ay ang proseso ng impeachment o *people power*.

Matama lang ang walang-umpat at militanteng pag-presyur ng publiko sa pamahalaan sa korapsyon at katiwalian. Bubuksan ng impeachment ang usapan sa mas maayos na pamamahala at institusyon at demokratikong pakikilahok ng mga progresibong grupo sa pamamahala. Panlaban ito sa elitista at maka-dayuhang paggogobyerno na siyang nananaig sa ilalim ng pamumunong Marcos-Duterte. Panlaban ito sa political patronage, elitista at anti-demokrasyang sistema ng eleksyon, kontrol ng political dynasties, at iba pang kabulukan ng sistemang pampolitika.

### ***Mahalaga ang impeachment para magkaroon ng mga makabuluhang reporma sa ekonomiya.***

Sa halip na tingnan na malaking kagambalaan ang impeachment sa ekonomiya, dapat itong tingnan na nagbubukas ng mga positibong reporma sa paggogobyerno na magtutulak ng mga makabayang pagpapalano sa ekonomiya.

Sobrang nagdusa ang ekonomiya sa paglustay ng gobyerno ng pondo ng mamamayan, na nagpalala sa kawalan ng panlipunang serbisyo, mababang koleksyon ng tamang buwis, at pagpapabaya sa mga produktibong sektor, habang binibigyang pabor ang mayayaman at makapangyarihan. Kailangan ng bayan ng isang mapagkakatiwalaang gobyerno.

## 5 Ano-ano ang mga punto ng pagsiklab ng pampolitikang krisis sa mga darating na taon?

Nasa yugto ngayon ang administrasyong Marcos Jr na ikonsolida ang kapangyarihan para siguraduhin ang impluwensya at pananatili ng dinastiyang Marcos-Romualdez lampas sa eleksyong 2028. Pero hindi ito magiging madali—magiging mabangis ang paligsahan, at higit sa lahat, naubusan na ng pasensya ang taumbayan sa kawalan ng mapagpipilian sa mga tradisyonal na pwersang politikal. Ang bawat kibot ngayon ni Marcos Jr ay maaaring magpasiklab ng mas malalang panlipunang sigalot.

### ***Masahol ang bangayang Marcos-Duterte.***

Walang duda, biyak na ang nagkukunwaring pagkakaisa ng kampong Marcos at Duterte noong ikinulong sa International Criminal Court (ICC) sa Netherlands ang dating Pangulong Rodrigo Duterte. Ang eleksyon ng Mayo 2025 ang kauna-unahan nilang *showdown*, kung saan nakita ng kampong Marcos na bulnerable ito sa kalaunang pagkatalo.

Nakuha ng mga kandidato ng kampong Duterte at ng mga liberal ang ilang posisyon, at namalas na may pagdausdos ang pampolitikang kontrol ng pangulo. Ang mismong kapatid nitong si Imee Marcos ay mas pumanig pa sa pamilya Duterte.

Ginamit ni BBM ang isyu ng korapsyon para pigilan ang kampong Duterte at ikonsolida ang kanyang kapangyarihan. Pero bigo ito na ibaling ang atensyon palayo sa kanyang sariling pananagutan sa malawakang korapsyon. Sa kabila ng naratibong pinairal ng administrasyon, naging malinaw pa rin sa sambayanan ang pananagutan ni Marcos Jr dito. Dumadagundong ngayon ang mga protesta at ang panawagan para sa kanyang pagbibitiw.

Bumagsak ang *satisfaction rating* ng pangulo. Ayon sa survey ng WR Numero, bumaba ito sa 21% noong Disyembre, mas mababa pa nang 14 *percentage points* kumpara sa nakaraang buwan. Pinakamarami sa hindi *satisfied* ang sektor ng kabataan. Bagama't mas malaki kesa kay Bongbong, bumaba rin ang *satisfaction rating* ni Sara Duterte sa 43%.

Hindi tiyak ang kinakaharap ng mga pwersang politikal ngayong taon hanggang 2028. Nais itakda ng kampong Marcos ang naratibo, sa pamamagitan ng isyung anti-korapsyon, pero lalo lang nitong pinalabo ang mga alyansa at katapatan ng mga mambabatas. Makikita rin kung paano sinakyan ng parehong kampo ang isyu ng korapsyon para paigtingin lang ang kanilang bangayan. Ganundin ang ginagawa nila sa isyu ng impeachment. Sa halip na harapin ang alegasyon at bigyan ng tiyak na kasagutan, ginagamit lang nila ang mga isyung ito para sa posisyonan sa 2028.

May bentahe si Marcos Jr, dahil hawak pa rin niya ang rekurso at poder, kahit pawala nang pawala ang kanyang lehitimidad na mamuno. Kaya pa rin niyang ipitin ang mga Duterte sa mga kaso laban sa kanila. Samantala para sa kampong Duterte, wala ring katiyakan ang magiging epekto ng kaso ni Digong o ng galawan sa kanilang mga kaalyado sa kanilang tinatayang 30-35% na mga *supporters*.

Ang mga liberal naman, ang mga Pinklawan, ay wala pa ring malinaw na mga panukala para sa reporma ng politika at ekonomiya. Bagkus, nilalaro nila ang hatiang Marcos-Duterte, para sa posibilidad ng 2028. Nananatiling palaisipan kung sila ba ay kakawala sa pagiging malapit sa kampong Marcos at magiging totoong *third force* sa elitistang bangayan.

### ***Itinatakda ng interes ng mga malalaking negosyante, militar, at US ang pagsahol ng krisis pampolitika.***

Sa poot ng mamamayan, na namalas sa mga malawakang pagkilos, agad namang nagparamdam ang mga elite—ang mga oligarkiya sa ekonomiya at mga dayuhang negosyante—at ang Armed Forces of the Philippines (AFP), na hindi sila makapapayag sa mga radikal na panukala o transisyon ng pamumuno labas sa tinatakda ng Konstitusyon.

Ayon sa kanila, nakakagambala lang ang impeachment, ang pagkwestyon sa mga nasa poder, at ang pagpanukala ng mas demokratikong mga patakaran sa ekonomiya. Mas pinipili nila ang proseso ng eleksyon at pagpapatuloy ng status quo, maski anong lawak pa ng korapsyon ang nakagimbal sa bayan.

Hindi ito kataka-kata dahil ang mga pinakamalalaking oligarkong sila Enrique Razon, Ramon Ang, at Manny Villar ang nasa likod ng mga malalaking partido politikal sa bansa. Hindi na nakakagulat na ang kanilang mga interes ang nasasalamín sa mga polisiya at batas na ipinapasa. Wala silang pakialam kung ang kaban ng bayan ay dinadambong ng mga mambabatas—ang mahalaga, ang mga batas ay papabor sa kanilang mga negosyo, sa mababang buwis ng pagnenegosyo, at sa kabukasan ng ekonomiya sa kanilang pananalasa.

Ang AFP naman, dahil sa legasiya ng Martial Law ni Marcos Sr, ay nakikiaalam sa politika ng bansa at nakakapagsaad o paramdam ng kanilang saloobin. Mahihinuha ang mga ito sa mga alingasngas ng galawan o coup sa loob ng liderato ng AFP tuwing may kaguluhan sa politika. Sa kabila ng sarili nitong pambubulabog sa kalagayang pampolitika, mas pinipili ng AFP ang pagpapatuloy ng pamumuno ng mga elite at ang pagpapalit ng liderato gamit lamang ang elitistang eleksyon. Hindi rin kaila na ang AFP, dulot ng pagiging pro-US nito ay pro-BBM din sa halip na pro-Duterte na tinitingnang maka-China.

Mahalagang piyesa ang Pilipinas para sa US sa tumitindi nitong tunggalian sa China. Mahalaga ang papel ng Pilipinas sa layunin ng US na pasiglahing muli ang ekonomiya ng Amerika, makontrol ang rehiyon, at mamayani ito sa buong mundo. (*Mas mauunawaan ang tensyong geopolitikal na ito sa IBON Praymer sa imperyalismong US at kung paano nito kinakaladkad ang gobyernong Marcos Jr sa kapahamakan.*)

Lumalalim ang pakikipag-alyansa ng administrasyong Marcos Jr sa US at iba pang kaalyadong bansa ng US, katulad ng Japan, Australia at South Korea. Ayon ito sa estratehiya ng US na pigilan ang China at makuha ang pamamayani sa rehiyon. Pumirma na rin si Bongbong Marcos ng iba-ibang kasunduang militar, lampas pa sa pagbibigay ng baseng militar sa US at paglulunsad ng *military exercises*. Isinama ng administrasyong Marcos Jr sa kasunduan ang pagbibigay ng *dual use infrastructure* (imprastrukturang pang-sibilyan na may gamit pang-militar, katulad ng airports) para sa kapakinabangan ng US at pagpayag ng pagtatayo ng baseng industriyal sa bansa para sa pagmanupaktura ng gamit sa depensa at gera ng US.

Mayor din ang gagampanan ng Pilipinas ngayong taon bilang may hawak ng *chairmanship* ng ASEAN sa pagsuporta sa pagsusumikap ng US na pigilan ang pagiging dominante ng China sa rehiyon. Mahalaga ang ASEAN para sa US bilang malawak na *supply chain* sa manupaktura ng *microchips*. Noong 2025, isa sa mga naging agenda ng ASEAN Future Forum ang pagpapalakas sa kapasidad at kakayahan ng mga bansang kasapi na lumikha ng *semiconductor products* para gawing *major hub* ang ASEAN. Laking pabor sa US na si BBM ang ASEAN chairman sa ngayon.

Katulad ng mga elite at militar, walang pakialam ang US sa malawakang korapsyon na nagaganap sa gobyerno ni Bongbong Marcos, at maski pa *mastermind* ang pangulo rito. Ang mahalaga para sa US ay tuloy-tuloy lang ang halinhinan sa poder ng mga elite sa pamamagitan ng eleksyon at sa kung ano ang itinatakda ng Konstitusyon. Ang mahalaga para sa US ay hindi pinag-uusapan ang mga isyu ng soberanya at demokratiko at radikal na mga pagbabago. Mas suportado ng US si BBM at mga Pinklawan, pati ang alyansa sa pagitan ng dalawang pwersa dahil, di-tulad ng mga Duterte, may tahasang pagtutol ang mga ito sa panghihimasok ng China. Lumalabas na ang pangangayupapa ng gobyernong Marcos Jr sa US ay hindi lang pangangaladkad ng bayan sa gera ng US kundi pagpapatindi rin sa bangayan ng mga paksyon ng naghaharing uri.

### ***Pinatitindi ng gobyernong Marcos Jr ang panunupil sa mamamayan.***

Naglalagablab ang galit at pagkilos ng mamamayan sa krisis na kanilang kinakaharap, sa kawalan ng aksyon ng pamahalaan, at sa natutunghayan na maka-mayaman, maka-dayuhan, makasarili, at tiwaling pamumuno. Pero sa halip na magwasto, lalong pinatitindi ng gobyernong Marcos Jr ang panunupil at paglabag sa karapatang pantao.

Marahas ang gobyerno ni Marcos Jr laban sa hanay ng mga aktibista at mamamayang kumikilos. Patuloy niyang ginagamit ang awtoritaryan na mga batas na minana pa kay Duterte para supilin ang karapatan ng mamamayan na mag-organisa at punahin ang kaniyang pamumuno. Ipinagpatuloy at pinatitindi nito ang *red-tagging*, paninira at *surveillance* ng mga progresibong organisasyon na patuloy na tumutuligsa sa kanyang katiwalian at maling patakaran.

Tumitindi ang mga kaso ng pagdakip at sapilitang pagkawala ng mga aktibista. Sa pinakahuling datos ng Karapatan, nasa 14 ang biktima ng *enforced disappearance* at may 822 na biktima ng arbitraryong pagkakakulong. Patuloy ding lumalaki ang bilang ng mga bilanggong politikal, na umabot na sa 696 ang kabuuang bilang—163 sa mga ito ang ikinulong sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr.

Tumitindi rin ang ginagawang pambobomba ng militar ng mga komunidad sa kanayunan. Umabot na sa 57,156 tao sa komunidad na nakararanas ng pambobomba, habang 48,247 naman ang sapilitang inilikas. Lagpas 10 milyon ang naitalang nakararanas ng iba't ibang porma ng *threat*, *harassment* at *intimidation* mula sa mga ahente ng estado.

Matingkad din sa ngayon ang karahasan ng gobyerno sa mga komunidad na tumitindig para sa kanilang karapatan. Halimbawa nito ang ginagawang pagbuwag ng kapulisan sa barikada ng mga mamamayan ng Dupax del Norte sa Nueva Vizcaya na tumututol sa pagpasok ng Woggle Corporation para minahin ang kanilang kabundukan. Mismong gobyerno ang nagpahintulot sa Woggle at inutusan pa nga ang mga kapulisan na arestuhin ang mga tao.

Ang pagputok ng mga protesta at galit ng publiko at pagdagsa nila sa mga kalye para sa kahilingan ng pananagutan at demokrasya ay isang mahalagang kontrapunto sa pagputok ng pampolitikang krisis noong 2025. Patuloy itong yayanig sa gumuguhong sistema. Sa ngayon ang kilusang masang ito lamang ang may tangan ng mas malawak na pagkakaisa na makapagtutulak ng mga makabuluhang pagbabago.

## **6 Aling direksyon ang dapat tahakin para sa makabuluhang pagbabago?**

May tatlong posibleng direksyon ang krisis ng bansa, depende sa kung paano pakakalmahin ng naghaharing uri ang sitwasyon at sa kung paano itransporma ng mamamayan ang kanilang galit tungong demokratikong pagkilos.

Sa unang *scenario*, na mas malamang sa hindi, pahuhupain ni Marcos Jr ang sitwasyon at palalamigin ang init ng impeachment, gamit ang bilang ng

kanyang pwersa sa Kongreso. Sa ganitong scenario, magpapanukala ng mga reporma pero walang transpormasyong mangyayari sa ekonomiya at politika, at tuloy-tuloy lang na lubog ang bansa sa kumunoy ng kanyang krisis. Lalo lang mawawalan ng kredibilidad ang buong sistemang pampolitika at anumang panukalang reporma.

Sa ikalawang scenario, na muli, malamang sa hindi, lalala ang bangayan at paligsahan ng kampong Marcos at Duterte, habang tuliro pa rin ang tindig ng “third force”, nang walang desididong mga hakbang sa korapsyon, krisis pang-ekonomiya, at panghihimasok ng US. Titindi ang hirap at gutom na mararanasan ng mamamayan, at lalong mawawalan ng pag-asa sa anumang reporma.

Sa ikatlong scenario, na siguradong nakasalalay sa lakas ng kilusang masa, buong lakas na itutulak ng mamamayan ang pagpapanagot sa lahat ng sangkot sa katiwalian, pagpapakulong sa kanila, pagpapatalsik sa mga opisyal na bahagi ng sistematikong korapsyon—kasama ang president at bise-presidente—at pagtatalaga ng isang paggogobyernong magsasakatuparan ng mga kagyat na sosyo-ekonomikong kahingian ng mamamayan at reporma sa politika ng bansa.

Umiingay ulit sa ngayon ang naratibo ng *good governance* para wasakin ang korapsyon sa sistema. Sa ganitong paraan daw, papalitan ang mga korap na namumuno at gagawing transparent at mahusay ang implementasyon ng mga programa o proyekto ng gobyerno. Nariyan din ang pagpapalitaw ng kakaibang sistema sa pagbabadyet tulad ng *blockchain* ni Sen. Bam Aquino na mas gagawing ligtas ang badyet sa panghihimasok ng mga politikong nagkakainteres mangurakot. Parang bago sa pandinig pero hindi nito komprehensibong binabago ang bulok na sistema—parang gumuguhong bahay na patse-patse lang na inaayos.

Hindi rin nawawala ang pagpapasulpot ng mga susunod na lider para sa eleksyong 2028. Nariyan ang pangungumbinsi sa taumbayan na bumoto nang tama at huwag hayaang bumalik sa kapangyarihan ang mga kurakot. Parang radikal sa pandinig, pero hindi nito tinatalakay ang usapin ng kabulukan ng eleksyon at kawalan ng aksyon sa mga panukalang reporma mismo sa sistema ng eleksyon sa bansa. Kasabay nito ang pagkakaroon ng iba-ibang panukalang batas laban sa political dynasties. Parang bago, pero

mayroon nang probisyon sa Konstitusyon kontra-political dynasties na halos 40 taon nang hindi naman pinapatupad.

Ang pangatlong scenario ang pinakadesidido at makalabuluhan—ito rin ang hahadlang sa una at ikalawang scenario. Indikasyon ng kasawaan ng tao sa umiiral na sistema ang mga naitalang bilang ng malawakang pagkilos noong nakaraang taon. Ang pagkilos noong Setyembre 21, na kasabay ng komemorasyon ng Martial Law ni Marcos Sr, ang isa sa pinakatampok na demonstrasyon noong nakaraang taon at sa mahabang panahon bago iyon. Tinatayang umabot sa 80,000 ang dumalo sa protesta sa Luneta bitbit ang mga panawagan ng pagbibitiw sa pwesto ni Marcos Jr at Sara Duterte. Malawak na hanay mula sa iba't ibang sektor ang nagrehistro ng kanilang galit sa korapsyon sa gobyerno.

Ipinamalas ng gobyernong Marcos Jr ang karahasan nang sa pagtatapos ng mga pagkilos sa Luneta sa Mendiola, sinalubong ito ng dahas mula sa pwersa ng mga kapulisan. Lampas dalawang daan ang nahuli at ikinulong ng mga pulis, habang may isang *bystander* na namatay sa pagbaril ng mga kapulisan. Nilihis ng gobyerno ang pananagutan sa nangyaring karahasan sa Mendiola, isinisi ang “gulo” sa grupo ng mga kabataan na kumilos, at pilit na pinagtakpan ang katotohan na maraming mamamayan ang sukdulan na ang galit sa katiwalian ng gobyerno.

Imbes na matakot ang taumbayan, nagpatuloy pa ang mga pagkilos. Hindi man magkakasinlaki, sustenido ang mga mobilisasyon, laluna na ng mga kabataan mula sa iba't ibang unibersidad at kolehiyo na naglunsad ng kani-kanilang *walkout*. Kahit pa sindakin sila ng mga pwersa ng estado, tulad na lamang ng mga gawa-gawang kaso sa ilang lider mag-aaral dahil sa pagsali sa protesta, hindi natinag ang mga kabataan. Bukod sa pagtuligsa nila ng korapsyon, ipinaliwanag nila nang mahusay ang buruktrata kapitalismo bilang isa sa mga batayang suliranin ng lipunang Pilipino.

Nagsasapawang krisis at paghihirap ang dinaranas ng mamamayan. Hindi ito ang punto ng mga kinagawiang pag-iisip ng solusyon—hindi ito ang panahon ng pag-asa sa status quo na mabibigay-lunas. Sa halip, panahon ito ng paglabas sa kahon ng kinasanayan. Nangangailangan ang tindi at sidhi ng krisis ng mas malawak at mas maniningning na pagkilos

---

para sa pagbabago ng sistema at gawin itong nagsisilbi sa kagalingan ng ordinaryong mamamayan.

Panahon na para maunawaan na sa lawak ng umiiral na krisis, hindi maitutulak ang mga pagbabago sa sistema kung mananatiling nakaasa sa kasalukuyang sistema. Hindi maaaring nakaasa sa pagpapalit lang ng mga nakaupo sa pwesto, kung hindi rin naman nila tatalikuran ang neoliberalismo. Kahit mapalitan ang lider, kung pananatilihin nila ang mga polisiyang pabor sa interes ng dayuhan, malalaking oligarko, at imperyalistang US, mananatili pa rin ang paghihirap at kagutuman. Mananatili pa rin ang burukrata kapitalismo.

Hinog na ang pagkakataon para sa mga malawakang pagkilos at paniningil. Magiging mapagpasya ang 2026 sa direksyong tatahakin at aabutin ng sambayanan. Walang puwang ang pag-aalinlangan—kung hindi panghahawakan ang pagkakataong ito para makapaglatag ng mga progresibong pagbabago, babalik at babalik lang ang bansa sa siklo at kumunoy ng krisis. Nasa lakas ng loob at kakayahan ng taumbayan lamang ang pagtahak sa tamang direksyon para ipaglaban ang lipunang malaya sa nagsasapawang krisis.

Lagi na lang idinidikdik sa taumbayan na nakakagambala ang galit ng kilusang masa at dapat ituon na lang daw ito sa pakikipagkaisa sa gobyerno. Maling pananaw ito, lalo na sa panahon na wala nang kredibilidad ang sistema at ang gobyernong namumuno rito. Ang kawastuhan ng galit ay dahil nagmumula ito mismo sa taumbayan, kung saan nakasalalay ang soberanya at demokrasya.